

Ulat Balita ng Kinatawan ng Konggresu para sa Dayuhang Naninirahan sa Lungsod ng Kawasaki Isyu Bilang 43



Pinamamatnugutan at inilalathala ng: Tanggapan ng Mga Karapatang Pantao at Pagkakapantay-pantay ng Kasarian, Kawanihan ng Kapakanan ng Mga Mamamayan at Mga Bata, Tanggapan ng Lungsod ng Kawasaki
Petsa ng Paglalathala: Enero 31, 2012
<http://www.city.kawasaki.jp/25/25zinken/home/gaikoku/index.htm>

Salamat sa inyong Mga Opinyon!



◆◆ Ulat sa Pangmadlang Talakayan ◆◆

Dinaos ang Pangmadlang Talakayan ng 2011 noong Nobyembre 20. Humigit-kumulang 180 ka tao, ang magkasamang bilang ng residente ng dumalo mga dayuhan at Hapong. Ang unang bahagi ng Bukas na Talakayan sa taong ito ay isang panel discussion at ang ikalawang bahagi ay isang pagpupulong upang magpalitan ng mga kuru-kuro. Una, nagkaroon kami ng panel discussion kasama ang mga akademiko at nagdaang mga kinatawan ng kapulungan. Ang tema ay "Samahang Pandaigdigang sa Lungsod ng Kawasaki – ano ang magagawa natin upang maisakatuparan ang Paglinang, o pag-aayos, pagpapahusay ng lipunan bilang mga residente sa komunidad". Ang mga nagtanggap ay nagsalita tungkol sa kasaysayan ng mga pagpupursigi ng lungsod at mga pambayang aktibidad. Pagkatapos niyon, nagtanong ang mga kalahok, at binigyang-diin ang kahalagahan ng komunikasyon sa pagitan ng mga komunidad at sa pagitan ng mga magulang at mga anak. Isang bagong pananaw ang nakuha mula sa

talakayan ukol sa kahalagaan ng impormasyon na ibinibigay ng mga dayuhang residente pati na rin ang impormasyon na ibinibigay sa mga dayuhang residente ng pampublikong administrasyon at mga residenteng Hapon.

Sa huling kalahati ng pagpupulong, nakatanggap kami ng mga opinyon mula sa mga kalahok sa mga tema na natalakay at pinili bilang paksa para sa mga panukala ng Kapulungan. Halimbawa, tungkol sa survey ng mga dayuhang residente na imumungkahi ng Seksiyon ng Buhay at Lipunan, sinabi ng isang kalahok na dapat ilakip ang mga anak ng internasyonal na kasal (kasal sa pagitan ng Hapon at dayuhan) na may Japanese citizenship at mga naturalized Japanese citizen. Samantala, tungkol sa multikultural na edukasyon, na ipinanukalang paksa mula sa Edukasyon, nagmungkahi ang isang kalahok na dapat magsanay ang Lungsod ng Kawasaki ng mas maraming guro mula sa ibang mga kultura.

Pagkatapos ng pagpupulong, nagdaos kami ng isang kaswal salu-salo sa lugar upang makapagtipun-tipon ang mga kalahok. Nag-uusap-usap ang mga kinatawan at mga kalahok at kahit na hindi masyadong nagtagal ang salu-salo, pakiramdam namin na nagkaroon kami ng mas mabuting ugnayan.



(David CHART)

Mga Paksa sa Bukas na Talakayan at mga opinyon ng mga kalahok

● Pagsusuri ng mga dayuhang residente

- Maaari bang isali ang mga residenteng Hapon?
- Maaari bang isagawa ang survey na kasabay ng senso o iba pang mga survey na isinasagawa ng lungsod?
- Isaalang-alang ang pagsama ng mga pakikipagpanayam na dagdag sa palatanungan.

● Pangkalinangan na edukasyon

- Ang mga aralin para sa mga guro ng pagpupulong mula sa ibang mga kultura ay maaaring hindi katanggap-tanggap kung sila ay pinipilit sa mga paaralan. Kinakailangang himukin ang mga paaralan na isagawa ang mga ito sa sarili nilang inisyatibo.
- May panukala rin kung saan ang mga estudyante sa klase ng wikang Hapon ay bibisita sa mga elementaryang paaralan upang makipaghalubilo sa mga mag-aaral. Dapat nating isaalang-alang ang iba't ibang mga pamamaraan upang harapin ang problema.

● Pensiyon

- Nagbabayad tayo ng dalawang pangkat ng mga premium sa pensiyon, sa sarili nating mga bansa at sa bansang Hapon. Mahalaga na humingi ng tulong mula sa mga pamahalaan.
- May mga bagay na magagawa ng lungsod upang lutasin ang problemang mahirap maunawaan ang sistema, katulad ng pagbibigay ng simpleng paliwanag.

● Pang-aapi (Bullying)

- Mabuti sana kung ang mga tao ay maisasangguni sa isang lugar kung saan makatanggap sila ng mga sesyon ng pagpapayo sa kanilang katutubong wika.
- Gusto naming matutunan ang mga partikular na salita sa wikang Hapon na magagamit sa panahon ng pagpapayo.
- Dapat nating ihiwalay ang kung ano ang magagawa ng mga paaralan sa kung ano ang magagawa natin sa tahanan.



En no shita no chikaramochi
(Hindi napapurihan na Mga Bayani)
 Ulat ng Multikultural na Pista sa Mizonokuchi

Noong Oktubre 22, ang Multikultural na Pista sa Mizonokuchi ay idinaos sa Nocty na malapit sa Istasyon ng Mizonokuchi. Mayroong maraming kaganapan: sinayaw ang mga sayaw ng Hawaii at Korea, at binenta ang mga pagkaing mula sa Okinawa at iba't ibang bansa. May booth ang Kapulungan ng mga Kinatawan sa ika-11 palapag. Sa isang sulok ng palapag, nagbenta kami ng mga prawn cracker ng Tsina, bihon ng Pilipinas, at goulash ng Slovakia. Nag-alala kami sa malakas na ulan na tumagal hanggang sa umaga, subalit wala itong malaking epekto. Naibenta kaagad ang lahat ng pagkain sa hindi namin inaakala.

Pakiramdam ko na ang pistang ito ay napakamabuluhang pagdiriwang na nag-uugnay sa bansang Hapon at mga banyagang bansa at nagpapalalim sa pag-uunawaan ng isa't isa. Umaasa akong ipagpapatuloy ito. Samantala, nagpapasalamat ako na nagawa kong tumulong na masiguro na magpapatuloy ang pagdiriwang sa susunod na taon. Gusto kong pasalamatang ang lahat na sangkot at ang lahat na nasiyahan at lumahok sa pagdiriwang.

Sa wikang Hapon, may kasabihang, "En no shita no chikaramochi". Ang kahulugan ng "En no shita" ay ang pundasyon ng bahay. Ito ay mahalagang bahagi ng bahay na sumusuporta sa buong istruktura, kahit na hindi ito nakikita. Ang "En no shita no chikaramochi" ay nangangahulugang isang tao na gumagawa sa lahat ng posibleng magagawa na hindi nakikita. Sa kasong ito, may mga kawani tayong nagtrabaho nang husto upang patakbuhan ang pagdiriwang, pati na mga taong nagluto at bumili ng mga sangkap. Dapat na hindi natin kalimutan ang mga pagsisikap ng lahat nitong mga "En no shita no chikaramochi" na sumuporta sa tagumpay ng pista.

(Sang Hwa KIM)



<Pagluluto ng etnikong pagkain>



<Mga Booth para sa Kapulungan ng mga Kinatawan>

Ulat ng mga pagpupulong
 (Setyembre 2011 - Oktubre 2011)

- Ikalawang Pagpupulong: Ika-2 Araw (Setyembre 11, 2011)
- Ikatlong Pagpupulong: Unang Araw (Oktubre 30, 2011)

Seksiyon ng Buhay at Lipunan

Ang mga pagpapaabot Seksiyon ng Buhay at Lipunan ay nakarating na sa yugto ng pagsasama-sama ng panukala. Mahirap ang pagbabawas sa mga sari-saring tema na natalakay natin nang higit sa isang taon na, subalit naitakda namin ito sa dalawa na lamang. May maraming mahalagang tema na hindi napili bilang mga panukala pero dahil limitado ang oras, nagpasiya kami sa sumusunod na dalawang tema.

Una, nagpasiya kaming humiling ng survey na pinupuntirya ang mga dayuhang residente. Kahit na naisagawa na ang isang malawak na survey na higit sa 10 taon na ang nagdaan, ang mga buhay ng mga dayuhang residente sa Lungsod ng Kawasaki ay lubos na nagbago na mula noon. Sa Kapulungan ng mga Kinatawan, maaari tayong makinig sa 24 na dayuhang residente. Kung direkta tayong makikinig sa humigit-kumulang 30,000 iba pang mga dayuhang residente, mauunawaan natin ang mga tunay na problemang kanilang hinaharap. Sabay nito, malalaman natin kung aling mga hakbang at mga patakaran ang kapaki-pakinabang para sa mga dayuhang residente. Magbubunsod ang mga resulta sa mga taong nagtatrabaho upang lumikha ng multikultural na lipunan at makakatulong ito sa mga darating na deliberasyon ng Kapulungan ng mga Kinatawan.

Nagpasiya kaming pag-aralan ang problema ng mga pensiyon bilang isa pang tema. Ang kasalukuyang sistema ng pensiyon ay hindi nakatuon sa mga dayuhang nagtatrabaho sa bansang Hapon nang higit sa tatlong taon subalit hindi permanenteng maninirahan dito. Kung kaya't hihiling kami ng solusyon. Partikular, isinaalang-alang namin ang paghihimok na lumahok sa mga international social security na kasunduan. Makakatulong ang mga ito hindi lamang sa mga dayuhang naninirahan sa bansang Hapon ngunit pati na rin sa mga Hapon na nakatira sa ibang bansa. Bubuhin namin ang aming panukula sa loob ng limitadong bilang ng mga pagpupulong na natitira pa at maghahanda kaming isumite ito sa alkalde.



(David CHART, Pinuno ng Seksiyon ng Buhay at Lipunan)



Pagsali sa pista ng Mamamayan

Noong Nobyembre 5 at 6, 2011, lumahok ang miyembro ng kongreso sa Pista ng Mamamayan ng Kawasaki. Maraming, at nakabibigla ang magandang kinalabasan dala ng kahangahangang palabas na nakapagpasigla dito. Mga tolda sa lugar at pumunta ang mga kinatawan sa entablado at ipinakilala ang kanilang sarili at ang kapulungan.



Sa tolda ng kinatawan o miyembro ng kongreso, nag-eksibit kami ng mga display na nagpapakita sa kultura ng maraming bansa, at mga kilalang souvenir ng bawat bansa kabilang ang mga laruan ng Pilipinas, mga manika ng Rusya, mga salapi ng iba't ibang bansa sa daigdig, mga libro ng mga litrato, at mga polyeto para sa mga bata. Naglaan rin kami ng mga tradisyonal na kasuotan para sa mga bisita, at kumuha kami ng mga litrato sa kanila na nakasuot sa mga damit na iyon. Para sa mga bata, nag-eksibit kami ng mga lobong naglalaman ng tubig, nagtanghal ng mga pagsusulit na mula sa iba't ibang panig ng mundo, at nagladlad ng mga puzzle na yari sa kahoy. Malugod na sinalubong ng mga kinatawan ang mga bata sa magiliw na paraan



at natuwa nang lubos ang mga bata. Sa pamamagitan ng paglahok sa mga aktibidad sa labas ng mga regular na pagpupulong, sa palagay ko ay nagkaroon ng magandang oportunidad ang mga kinatawan at ibang mga residente ng lungsod upang magkakilala. Nagkaroon rin ng oportunidad ang mga kinatawan upang makalikha at mapatibay ang mga pakikipagkaibigan nila sa isa't isa.

Sa ika-6 ng buwan, lumahok ang mga kinatawan sa isang parada. Nagsuot ang mga miyembro ng espesyal na ipinagawang mga polo shirt ng miyembro ng kongreso sa panahon ng parada. Maganda ito. Ang mga taong lumahok sa parada ay nagsuot ng mga tradisyonal na kasuotan, bumati sa mga



bisita at nakipag-usap sa kanila. Maganda ang klima sa panahong iyon. Ang kagalakan ng mga tao sa lugar at ang pagtatanghal ng musika at sayaw ay mahusay na nagsanib at nagpatuloy ang pista sa isang komportable at kagiliw-giliw na kapaligiran.

(Orietta OIDE)

Ulat ng mga pagpupulong (Setyembre 2011 - Oktubre 2011)

- Ikalawang Pagpupulong: Ika-2 Araw (Setyembre 11, 2011)
- Ikatlong Pagpupulong: Unang Araw (Oktubre 30, 2011)

Parte ng Edukasyon

Sa mga pagpupulong sa Setyembre at Oktubre, pinag-usapan namin ang mga problema ng pang-aapi (bullying), impormasyon, at mga sentrong nag-aalaga ng mga bata (day-care center). Ang sumusunod ay naglalarawan sa mga opinyon na ipinahayag.

<Pang-aapi (Bullying)>

- Kapag tumuntong na ang mga bata sa junior high school, kadalasan ay nag-aatubili na silang makipag-usap sa kanilang mga magulang. Dahil dito, maaaring mahirap na malaman kung ang iyong anak ay inaapi (binu-bully). Mahalagang talakayin kasama ng mga guro kung paano kumikilos ang iyong anak sa paaralan sa mga pagpupulong ng mga magulang at guro.
- Maganda sana kung may tanggapan ng pagpapayo para sa mga magulang kung saan makapagsalita sila sa kanilang katutubong wika. Ang impormasyon tungkol sa mga tanggapan ng pagpapayo ay hindi agad-agad nakukuha.
- Ang ilang mga bata ay gumagamit sa kanilang mga pormal na alternatibong pangalan sa halip ng kanilang mga totoong pangalan sa paaralan. Habang tumatanda sila, maaaring magkaroon sila ng pag-aalinlangan sa kanilang mga nasyonalidad, mga pangalan, at mga pagkakakilanlan.

<Impormasyon Tungkol sa mga Bagay>


- Maganda sana kung mayroong sistema para makapagpadala ang lungsod ng impormasyon sa pamamagitan ng e-mail. Ang impormasyon sa simpleng wikang Hapon ay kapaki-pakinabang sa maraming mga dayuhang residente.
- Maaari ba nilang magamit ang website upang maagap na makapagpadala ng impormasyon?

<Mga sentro na nag-aalaga ng mga bata (Day-care center)>

- Ang mga bata na nalalagay sa waiting list para sa mga sentro na nag-aalaga ng mga bata ay nagiging problema na. Gusto naming makita na isulong ang Plano sa Pangangalaga ng Bata sa Kawasaki (Kawasaki Childcare Plan).

Pagkatapos na mapag-usapan ang ilang mga tema na ilalaking sa panukala sa mga pagpupulong ng seksiyon, binawasan namin ang listahan sa dalawang tema na lamang, ang "Multikultural na Edukasyon" at "Pang-aapi (Bullying)". Sa Bukas na Talakayan, nakatanggap kami ng maraming feedback tungkol sa dalawang tema mula sa mga kalahok. Maraming salamat. Mangyaring magpatuloy sa pagbigay sa amin ng iyong mga komentaryo at feedback upang makalikha kami ng panukala na naglalaking ng malawak at sari-saring mga ideya at mga opinyon.

(Edmond DUNCAN, Pinuno ng Seksiyon ng Edukasyon)



**Panulukan ng
Impormasyon**

Mga Nakarehistrong Dayuhan sa Lungsod ng Kawasaki (sa bawat Ward)

Sa katapusan ng Disyembre 2011

Kawasaki Ward	Saiwai Ward	Nakahara Ward	Takatsu Ward	Miyamae Ward	Tama Ward	Asao Ward	Total ng Lungsod
11,529	3,662	4,263	3,650	2,648	3,519	1,854	31,125



Iskedyul ng Pagpupulong

Ika-apat na Pagpupulong, Ika-2 Araw:
Pebrero 19, 2012

Ang lahat ay malugod na
inaanyayahang magmasid sa mga
pagpupulong. Huwag
mag-atubiling dumalo!

- Kapaki-pakinabang na Impormasyon para sa mga Dayuhang Residente #4 -



Maghanda sa mga sakuna • at alamin kung nasaan ang impormasyon para maging Karapatdapat sa sitwasyon.



Mahalaga ang
araw-araw na
paghahanda!

Ano ang dapat nating gawin kung dumating ang sakuna? Mahalagang ihanda ang ating mga sarili para sa mga sakuna. Nagbibigay ang Lungsod ng Kawasaki ng mahalagang impormasyon tungkol sa mga sakuna sa pamamagitan ng iba't ibang mga pagmumulan ng balita. Nagbibigay rin kami ng impormasyon sa maraming wika.


◆ Mapa ng Lungsod ng Kawasaki sa paghadlang ng

sakuna: Ang mapang ito ay nagpapakita sa mga sentro sa paglikas (mga ligtas na lugar kung saan makakalikas ang mga tao), mga istasyon ng tubig, at mga medikal na institusyon. Ang mapa ay makukuha sa mga tanggapan ng ward. Maaari mo ring ma-download ang mapa mula sa Website. Mga Wika: Hapon at Ingles



◆ Ano ang ihahanda: Nagpapakita kung ano ang dapat

mong ihanda kung dumating ang sakuna. Isang multilingual na bersiyon ang maii-download mula sa website. Mga Wika: Hapon, Ingles, Intsik, Koreano, Portuges, Espanyol, at Tagalog



◆ Kawasaki FM 79.1MHz

Nagsasahimpapawid ng mga pang-emerhensiyang impormasyon sa maraming wika sa panahon ng sakuna. Mga Wika: Hapon, Ingles, Intsik, Koreano, Portuges, Espanyol, at Tagalog



◆ Mail News Kawasaki "Impormasyon sa klima at paghadlang ng sakuna"

Namamahagi ng pang-emerhensiyang impormasyon, impormasyon sa lindol, mga babala sa klima, mga payong kaugnay sa klima sa mga PC at cellphone sa pamamagitan ng e-mail (sa wikang Hapon lamang). Paano magparehistro: Magpadala ng e-mail sa sumusunod na address, at makakatanggap ka ng e-mail na naglalaman ng URL na gagamitin para sa rehistrasyon. I-akses ang URL at magparehistro. Mula sa mga cellphone mailnews-m@k-mail.city.kawasaki.jp Mula sa mga PC mailnews@k-mail.city.kawasaki.jp



◆ Pang-emerhensiyang serbisyo sa pagmemensahe "171"

Tawag gamit ang boses (landline/mobile phone)

◆ Pang-emerhensiyang board sa pagmemensahe

Malalaman mo ang kalagayan ng iba sa pamamagitan ng mga cellphone at PC. Ang address ay mag-iiba depende sa kompanya ng cellphone.

◆ NHK World <http://www3.nhk.or.jp/nhkworld/index.html>

Maririnig at mababasa mo ang mga balita sa maraming wika.



* Ang website ng lungsod ay may koleksiyon ng mga link sa impormasyon para sa mga dayuhang residente tungkol sa mga lindol at mga sakuna sa mga banyagang wika.

<http://www.city.kawasaki.jp/25/25inken/home/gaikoku/earthquakeinfo.htm>

<Mga Katanungan> Tanggapan ng Mga Karapatang Pantao at Pagkakapantay-pantay ng Kasarian, Kawanihan ng Kapakanan ng Mga Mamamayan at Mga Bata, Lungsod ng Kawasaki (川崎市市民・子ども局人権・男女共同参画室)

1 Miyamoto-cho, Kawasaki-ku, Kawasaki City 210-8577 (〒210-8577 川崎市川崎区宮本町1)

Tel : 044-200-2359 Fax : 044-200-3914 E-mail : 25gaikok@city.kawasaki.jp

Ikinalulugod naming tatanggapin ang iyong mga ideya at mungkahi hinggil sa newsletter at Kapulungan.